

**Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at
sa Pagregula ng Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon**

Taong 2010

BHUMIBOL ADULYADEJ, REX;

Naturan noong Ika-17 ng Disyembre, Taong 2010;

Sa ika-65 Taon ng Kasalukuyang Paghahari

Ang inyong Kamahalan, Haring Bhumibol Adulyadej, ay nalulugod na inihahayag na:

Datapwa't nararapat na amendahan ang Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga sa Spektrum ng Radio Frequency at sa Pagregula ng mga Serbisyong Pagsasahimpapawid, Telebisyon, at Serbisyong Telekomunikasyon;

Ang Batas na ito ay naglalaman ng ilang mga probisyon na may kaugnayan sa paglilimita ng karapatan at kalayaan ng mga tao, na may kaugnayan sa napapaloob sa Seksyon 29 kalakip ng Seksyon 35, Seksyon 36, Seksyon 41, Seksyon 43, Seksyon 45, Seksyon 46 Seksyon 47, Seksyon 61 at Seksyon 64 ng Saligang Batas ng Kaharian ng Taylandiya na pinagtitibay sa bisa ng probisyon ng batas;

Samakatwid, pinagtitibay ng inyong Kamahalan, kasama at sa pamamagitan ng payo at pagsang-ayon ng Pambansang Asambleya, ang mga sumusunod;

Seksyon 1. Ang Batas na ito ay tatawaging “Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at sa Pagregula ng Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon, 2010.”

Seksyon 2. Ang Batas na ito ay agarang pinagbibisa sa susunod na araw mula sa araw ng pagkakatathala sa Pahayagang Gobyerno (*Government Gazette*).

Seksyon 3. Ang Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio-frequency Spectrum at sa Pagregula sa Pagsasahimpapawid, Pagsasahimpapawid sa Telebisyon, at Serbisyong Telekomunikasyon 2000 ay pinapawalang-bisa.

Seksyon 4. Sa Batas na ito:

Ang “*radio frequency*” ay nangangahulugan at pumapatungkol sa mga electronic waves na *radio waves* o *Hertzian waves* na may frequency na mas mababa sa 3,000,000 *megahertz* na napapalaganap sa space ng walang artipisyal na gabay;

Ang “*Telecommunication*” ay pumapatungkol sa mga emisyon, trasmisyon, o resepsyon ng mga senyales, mga signal, mga sulat, mga numero, mga imahe, mga tunog, mga kodigo, o kabatiran ng anumang likas na katangian sa pamamagitan ng radio frequency, wire, optical, electromagnetic system, o sa pamamagitan ng iba pang mga sistema;

Ang “*Sound Transmissions*” ay pumapatungkol sa pag-emit ng radio communications o pag-transmit ng mga tunog para sa mga direktang resepsyon ng publiko;

Ang “*Television Transmissions*” ay pumapatungkol sa pagpapadala ng radio communication sa pamamagitan ng mga tunog at imaheng biswal;

Ang “*Serbisyong Sound Broadcasting*” ay pumapatungkol sa serbisyong naghahatid ng mga pampublikong balita o mga programa para sa resepsyon sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga aparato, alinman gamit ang radio frequency, wire, optikal, electromagnetic, o iba pang sistema, o kombinasyon ng mga ito, o iba pang kahalintulad na serbisyo na ina-atas ng NBTC bilang sound broadcasting services.

Ang “*Serbisyong Television Broadcasting*” ay pumapatungkol sa serbisyong naghahatid ng mga pampublikong balita o mga programa para sa panood at pakikinig sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga aparato, alinman gamit ang radio frequency, wire, optikal, electromagnetic, o iba pang sistema, o kombinasyon ng mga ito, o iba pang kahalintulad na serbisyo na ina-atas ng NBTC bilang serbisyong broadcast para sa telebisyon.

Ang “*Serbisyong Pangkomunikasyon sa Radio*” ay pumapatungkol sa serbisyo para sa resepsyon at pag-emit ng mga senyales, mga signal, mga sulat, mga numero, mga imahe, mga tunog, mga kodigo, o kabatiran ng anumang likas na katangian sa pamamagitan ng *Hertzian waves* na nilalayan para sa *special telecommunications affairs* o layuning ad-hoc na kung saan ay hindi para sa pangtelekomunikasyong bisnes batay sa ilalim ng batas sa pangtelekomunikasyong bisnes, o mga serbisyong tunog o telebisyon ng broadcasting sa ilalim ng batas sa broadcasting bisnes.

Ang “*Serbisyong Pangtelekomunikasyon*” ay pumapatungkol sa serbisyong naghahatid ng mga pampublikong balita o mga programa para sa panood at pakikinig sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga aparato, alinman gamit ang radio frequency, wire, optikal, electromagnetic, o iba pang sistema, o kombinasyon ng mga ito, o iba pang kahalintulad na serbisyo na ina-atas ng NBTC bilang serbisyong pangtelekomunikasyon ngunit hindi kabilang ang mga serbisyong sound broadcasting, television broadcasting, at radio communication.

Ang “*Talaan ng Paglaan ng Frequency*” ay pumapatungkol sa alokasyon ng frequency band ng mga serbisyong sound broadcasting, television broadcasting, radio communication, telecommunication o anu mang panukala na napapaloob sa anu mang kondisyon na tinukoy ng NBTC;

Ang “*Frequency Plan*” ay pumapatungkol sa pamamahagi ng radio frequency channel para sa paggamit ng mga serbisyo sa sound broadcasting, television broadcasting, radio communication, at telekomunikasyon panukala na napapaloob sa anu mang kondisyon na tinukoy ng NBTC;

Ang “*frequency assignment*” ay pumapatungkol sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga istasyon sa radyo, istasyon sa telebisyon, o istasyon para sa radio communication upang gumamit ng radio frequencies o radio channels na tinutukoy sa Talaan ng Paglaan ng Frequency o sa Radio Frequency Plan para sa kaukulan na napapaloob sa anu mang kondisyon na tinutukoy ng NBTC;

Ang “*komunidad*” ay pumapatungkol sa isang grupo ng mga tao na naninirahan sa isang karaniwang lokasyon, alinman sa mga lunsod bayan o rural na lugar, at dapat kabilang grupo ng mga tao na ay isinaayos sa paligid ng mga karaniwang interes sa loob ng isang pinagsasamahang heograpikal na lokasyon, o naka-link sa pamamagitan ng komunikasyon. Ang grupo ay maiugnay sa panlipunan at kultural na pagkakaisa, pakikipagtulungan patuloy sa legal at moral na mga gawain sa ilalim ng tamang pamamahala at may layunin na ipinahayag sa ngalan ng grupo.

Ang “*mga pondo*” ay pumapatungkol sa pondo na nakalaan para sa Broadcasting at Telecommunications Research and Development para sa kapakanan ng publiko;

Ang “*komisyoner*” ay pumapatungkol sa isang komisyoner ng Pambansang Broadcasting at Komisyon sa Telekomunikasyon.

Ang “*karampatang opisyal*” ay pumapatungkol sa taong hinirang ng Pambasang Pagsasahimpapawid at Komisyon ng Telekomunikasyon upang magsagawa ng tungkulin sa ilalim ng batas na ito.

Seksyon 5. Ang Punong Ministro ang may karampatang katungkulan at pamamahala na isakatuparan ang batas na ito.

KABANATA I

Pambansang Pagsasahimpapawid at Komisyon ng Telekomunikasyon

BAHAGI 1

Mga Bahagi, Kwalipikasyon, at Prohibisyon sa Komisyoner

Seksyon 6. Dapat magkaroon ng isang tatawaging National Broadcasting at Telecommunications Commission o sa maikling salita “NBTC”. Ito ay binubuo ng labing-isang komisyoner at ito ang mga sumusunod:

- (1) Isang dalubhasa sa serbisyong sound broadcasting, at isa pa sa serbisyong television broadcasting;
- (2) Dalawang dalubhasa sa mga serbisyo ng mga telekomunikasyon;
- (3) Dalawang mga legal na dalubhasa, dalawang ekonomista na kapaki-pakinabang sa pagregula ng mga serbisyong pagsasahimpapawid at serbisyong telekomunikasyon;
- (4) Isang dalubhasa sa proteksyon ng kosyumer o sa kapakanan ng karapatang pantao at pag-tataguyod ng kalayaan ng mga tao na kung saan ay magiging kapaki-pakinabang upang pangasiwaan ang serbisyong pagsasahimpapawid, at isa pang dalubhasa na kapaki-pakinabang upang pangasiwaan ang serbisyong telekomunikasyon;
- (5) Isang dalubhasa sa edukasyon, kultura, o panlipunang pag-unlad na kung saan ay maging kapaki-pakinabang upang pangasiwaan ang serbisyong pagsasahimpapawid at serbisyong telekomunikasyon.

Ang Kalihim-Heneral ng tanggapan ng NBTC ay siya ring magiging kalihim ng NBTC

Seksyon 7. Ang komisyoner ay nararapat na magtaglay ng mga kwalipikasyon and hindi dapat mapasa-ilalim sa alinmang mga prohibisyon tulad ng mga sumusunod:

A. Pangkalahatang Kwalipikasyon

- (1) Nagtataglay ng nasyonalidad na Thai sa pamamagitan ng kapanganakan;
- (2) Ang edad ay hindi kukulangin sa tatlung-pung-limang taong gulang, ngunit hindi hihigit sa pitumpu't taong gulang;

B. Mga Prohibisyon

- (1) Walang hinahawakang posisyon sa pulitika;
- (2) Walang hinahawakang anumang posisyon ng isang partidong pampulitikal;
- (3) Walang diperensya sa pag-iisip o ng kaisipang kahinaan;
- (4) Hindi lulong sa pinagbabawal na gamot;
- (5) Hindi bangkarota o kahit kailanma'y nagging bangkarota sa batayan ng korapsyon;
- (6) Kailanma'y hindi nasestensiya sa pamamagitan ng isang paghatol sa pagkabilanggo at nakakulong sa pamamagitan ng isang warrant ng Korte;
- (7) Kailanma'y hindi nasestensiya sa pamamagitan ng isang huling paghatol maliban para sa isang pagkakasalang nagawa sa pamamagitan ng kapabayaang, ang isang maliit na pagkakasala o paninirang-puri;
- (8) Kailanma'y hindi nagkaroon ng pagkakatalisik, dismiss o tinanggal mula sa opisyal na serbisyo, ahensiya ng estado o estate enterprise o pribadong ahensiya sa mga batayan ng mga hindi tapat na pagganap ng mga tungkulin o malubhang masamang asal o itinuturing bilang pagkakaroon ng hindi tapat na gawain o pagkakasala sa batas sa mga opisyal na tungkulin;
- (9) Kailanma'y hindi napag-utusan sa pamamagitan ng isang paghatol o isang order ng Korte na ang kanyang mga ari-arian ay dapat bigyan ng kapangyarihan sa estado sa mga batayan ng mga hindi pangkaraniwang kayamanan o hindi pangkaraniwang pagtaas ng ari-arian;
- (10) Hindi pagiging isang hukom ng Hukumang Konstitusyonal, Komisyoner ng Eleksyon, Ombudsman, kasapi ng Pambansang Komisyon Kontra sa Korapsyon, miyembro ng Komisyon ng Pagsusuri ng Estado o miyembro ng Pambansang Komisyon sa Karapatang Pantao;
- (11) Kailanma'y hindi inalis mula sa opisina sa pamamagitan ng resolusyon ng Senado;

(12) Hindi pagiging miyembro sa nakaraan ng isang miyembro ng Lupon ng mga Direktor, executive officer, tagapayo, empleyado, shareholder o kasosyo sa isang kumpanya o partnership o anumang iba pang administratibong posisyon mula sa tungkuling pangisahimpapawid o pangtelekomunikasyon loob ng isang taon bago magkakaroon ng pag-hinirang sa ilalim ng Seksyon 10 o bago pa man mapili sa ilalim ng Seksyon 15;

(13) Hindi sumasailalim sa prohibisyon sa paghawak ng isang pampulitikang posisyon.

Seksyon 8. Ang Komisyoner ay di dapat;

(1) Isang opisyal ng pamahalaan na may hawak ng permanenteng posisyon o pagtanggap ng sweldo;

(2) isang opisyal o empleyado ng isang ahensiya ng estado, state enterprise, o lokal na administrasyon, o maging isang miyembro ng board o tagapayo ng isang state enterprise o ahensiya ng estado;

(3) gumawa ng ano mang iba pang mga independiyenteng trabaho o propesyon pagkakaroon ng isang puhunan o *conflict of interest* alinman sa tuwiran o di-tuwirang sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin ng miyembro.

BAHAGI 2

Pagtatamo ng mga kandidato para sa Komisyoner ng NBTC sa pamamagitan ng nominasyon

Seksyon 9. Para sa kapakinabangan ng pagmungkahi ng mga angkop na kandidato upang mapili bilang Komisyoner sa ilalim ng Bahagi 4, ang mga sumusunod na asosasyon, institutes o mga kinatawan ay magiging karapat-dapat sa pagpaparehistro sa Kalihiman ng Senado:

(1) Isang propesyonal na asosasyon ng pagsasahimpapawid na kung saan ay nakarehistro bilang isang *juristic person* na hindi bababa sa limang taon;

(2) Isang propesyonal na asosasyon ng telekomunikasyon negosyo na kung saan ay na-rehistro bilang *juristic person* na hindi bababa sa limang taon;

(3) Institusyong Pang Tertiaryong Edukasyon na kung saan ay kumakatawan bilang *juristic person* at nag-aalok ng degree na kurso sa *mass communication, journalism* o *mass media* na hindi bababa sa limang taon;

(4) Institusyong Pang Tertiaryong Edukasyon na kung saan ay kumakatawan bilang *juristic person* at nag-aalok ng degree na kurso sa telekomunikasyon para sa hindi mababa sa limang taon;

(5) Institusyong Pang Tertiaryong Edukasyon na kung saan ay kumakatawan bilang *juristic person* at nag-aalok ng degree na kurso sa batas nang hindi bababa sa limang taon;

(6) Institusyong Pang Tertiaryong Edukasyon na kung saan ay isang kumakatawan bilang *juristic person* at nag-aalok ng degree na kurso sa economics nang hindi bababa sa limang taon;

(7) Organisasyong hindi-pampamahalaan na hindi nag-o-operasyon para sa kita o bahaginang kita na kung saan ay ang pangunahing layunin ay ang protektahan ang mga karapatan ng mga mamimili o itaguyod ang mga karapatan at kalayaan ng mga tao, at ito ay nakarehistro bilang isang *juristic person* na hindi bababa sa limang taon;

(8) Organisasyong hindi-pampamahalaan na hindi nag-o-operasyon para sa kita o bahaginang kita na kung saan ay ang pangunahing layunin na may kaugnayan sa edukasyon, kultura o panlipunang pag-unlad, at ito ay nakarehistro bilang isang *juristic person* na hindi bababa sa limang taon;

Ang mga propesyonal na asosasyon sa ilalim ng unang talata ay dapat magkaroon ng mga pangunahing layunin na may kaugnayan sa propesyon na ang mga miyembro ay mga propesyonal sa pagsasahimpapawid o serbisyong pangtelekomunikasyon.

Ang mga asosasyon o kinatawan na maaring hirangin para sa pagpaparehistro sa ilalim ng (1) (2) (7) at (8) ay dapat na mga asosasyon o mga kinatawan na magsagawa ng patuloy na mga gawain na may malinis na talaan ng trabaho. Kung ang anumang kapisanan o kinatawan ay may pagkakaroon ng ilang mga pangunahing mga layunin, isang kategorya lamang ng mga asosasyon o katawan ayon sa (1) (2) (7) o (8) ang maaaring mai-rehistro.

Kapag ang Kalihiman ng Senado ay nai-rehistro ang anumang asosasyon, institutasyon, o kinatawan ayon sa unang talata, ituturing itong ganap na. Ang desisyon ng korte pagkatapos ang pagpaparehistro ay mapawalang bisa ay hindi dapat malagay sa panganib ang pagkilos na kinunan ng Kalihiman ng Senado bago iyon Court nakapangyayari.

Ang anumang asosasyon, institusyon, o kinatawan na tinutulan sa pagrehistro ayon sa unang talata ay may karapatang magsampa ng kaso sa Korte Admistratibo, ngunit ang ganitong paghahabla ay hindi dapat ituring bilan sanhi para sa isang suspensyon o pagpapaliban ng nominasyon sa pagpili sa ilalim ng Batas na ito .

Ang pagpaparehistro ng mga asosasyon, institusyon, o kinatawan ayon unang talata ay dapat na alinsunod sa mga pamantayan, mga pamamaraan at mga kondisyon na itinakda ng ang Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado.

Ang kalihiman ng Senado ay dapat ipahayag ang pangalan ng listahan ng mga rehistradong asosasyon, institusyon, o mga kinatawan sa publiko. Ang listahan ay magkakaroon ng bisa hanggang sa susunod na pagwawasto sa pamamagitan pag-uutos ng Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado.

Seksyon 10. Kapag ang resulta ng pagpili at appointment ay ganap na, ito ay dapat ihayag ng Kalihiman ng Senado sa pamamagitan ng radyo, telebisyon, pahayagan at electronic media ng hindi bababa sa pitong magkakasunod na araw. Ang mga asosasyon, mga institusyon, o mga kinatawan nakarehistro sa ilalim ng Seksyon 9 na nagnanais na mahirang na isang naaangkop bilang kandidato para maging Komisyoner ng NBTC ay dapat magsumite ng pangalan kasama ang kanyang liham ng pahintulot sa loob ng oras na ini-atas sa pamamagitan ng Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado alinsunod sa mga sumusunod na criteria:

(1) Ang bawat propesyonal na asosasyon sa ilalim ng ikasiyam na talata (1) at Institusyong Pang Tersiyaryong Edukasyon sa ilalim ng ikasiyam na talata (3) ay may karapatan na magmungkahi ng dalawang indibidwal ayon sa Seksyon 6 (1);

(2) Ang bawat propesyonal na asosasyon sa ilalim ng ikasiyam na talata (2) at Institusyong Pang Tersiyaryong Edukasyon sa ilalim ng ikasiyam na talaga (3) ay may karapatan na magmungkahi ng dalawang indibidwal ayon sa Seksyon 6 (2);

(3) Ang bawat Institusyong Pang Tersiyaryong Edukasyon sa ilalim ikasiyam na talata (5) ay may karapatan sa magmungkahi ng dalawang indibidwal pagkakaroon maliwanag talaan trabaho o kaalaman at kadalubhasaan o karanasan sa larangan ng mga legal na bagay ayon sa Seksyon 6 (3);

(4) Ang bawat Institusyong Pang Tersiyaryong Edukasyon sa ilalim ng ikasiyam na talata (6) ay may karapatan sa magmungkahi ng dalawang indibidwal pagkakaroon maliwanag talaan trabaho o kaalaman at kadalubhasaan o karanasan sa larangan ng mga legal na bagay ayon sa Seksyon 6 (3);

(5) Ang bawat Organisasyong hindi-pampamahalaan sa ilalim ng ikasiyam na talata (7) ay may karapatan sa sa magmungkahi ng dalawang indibidwal ayon sa Seksyon 6 (4);

(6) Ang bawat Organisasyong hindi-pampamahalaan sa ilalim ng ikasiyam na talata (8) ay may karapatan sa sa magmungkahi ng dalawang indibidwal ayon sa Seksyon 6 (5);

Ang anumang asosasyon, institusyon, o kinatawan na nakarehistro sa ilalim ng Seksyon 9 na hindi nagmungkahi ng sinumang kandidato ayon sa unang talata maging ano man ang dahilan ay hindi dapat malagay sa panganib ang proseso ng pagpili na nagpapatuloy.

Seksyon 11. Kapag ang oras inatas sa ilalim ng Seksyon 10 ay lumipas, ang Kalihiman ng Senado ay magsisiyasat sa kwalipikasyon ng mga kandidato upang i-verify ang pagsunod sa Seksiyon 7 at Seksyon 10. Sa kasong ang alinman sa mga nominado ang nagkulang sa tamang kwalipikasyon alinsunod sa Seksyon 7 o Seksyon 10, ang Kalihiman ay dapat ipagbigay-alam sa asosasyon, institusyon o mga kinatawan upang magmungkahi ng ibang kandidato sa loob ng isang iaatas na oras ng Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado. Kung sakaling ang asosasyon, institusyon, o mga kinatawan ay mabigong magmungkahi ng isang kandidato sa iloob ng iniatas na oras, ituturing ito bilang pagtukoy at pagtatwa ng kanilang karapatan na gumawa ng nominasyon.

Sakaling ang period ng nominasyon ayon sa unang talata o Seksyon 10 bilang ang kaso ay lumipas, at kung mayroon man nominado ang pumanaw na, o pinaawalang-bisa ang kanyang pahintulot sa nominasyon, o inalis ang kanyang karapatan para sa anumang dahilan, ang Kalihiman ng Senado ay magpapatuloy na ng hindi nangangailangan pang mamakuha ang anumang ibang nominasyon.

Seksyon 12. Kapag ang panahon ng nominasyon ay lumipas at kung ang bilang ng mga nominado ay mas mababa sa dalawang beses ang bilang tulad ng tinukoy sa pamamagitan ng kategorya sa ilalim ng Seksyon 13 (1) (2) (3) (4) at (5), ang Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado ay dapat pahabain ang panahon ng nominasyon ng hindi hihigit sa tatlong araw mula sa takdang petsa na tinukoy sa Seksiyon 10.

Kapag ang extension period sa ilalim ng unang talata ay lumipas, at ang bilang ng mga nominado ay mas mababa kaysa sa bilang na tinukoy sa talata isa pa rin, ang Permanenteng Kalihim ng Tanggapan ng Punong Ministro, ang Permanenteng Kalihim ng Ministerio ng Tanggulang Pambansa at ang Permanenteng Kalihim ng Ministerio ng Impormasyon at Komunikasyong Pangteknolohiya ay magtutulungang magnomina ng naangkop na kandidato upang mapili bilang Komisyoner na nagtataglay ng mga kwalipikasyon at hindi na sa ilalim ng alinman sa mga prohibitions ayon sa Seksyon 6 at Seksyon 7 upang mapunan ang puwang para sa bawat kategorya tulad ng tinukoy sa unang talata.

Seksyon 13. Kapag ang period ng nominasyon sa ilalim ng Seksyon 10, seksyon 11 o Seksyon 12 bilang ang kaso ay lumipas, ang kalihiman ng Senado ay dapat magsagawa ng isang pulong sa lahat ng nominado upang maghalal sa kanilang sarili alinsunod sa mga sumusunod na pamamaraan:

(1) Ang mga nominado sa ilalim ng Seksyon 10 (1) mula sa mga propesyonal na asosasyon sa ilalim ng Seksyon 9 (1) ay dapat maghalal ng dalawa sa kanilang mga sarili upang maging NBTC Commissioners sa ilalim ng Seksyon 6 (1), isa bawat sa Serbisyong Sound Broadcasting at Serbisyong Television Broadcasting; at mga nominado sa ilalim ng Seksyon 10 (1) mula sa mga institusyon sa ilalim ng Seksyon 9 (3) ay dapat maghalal ng dalawang sa kanilang mga sarili upang maging NBTC Commissioners sa ilalim ng Seksyon 6 (1), isa bawat sa Serbisyong Sound Broadcasting at Serbisyong Television Broadcasting;

(2) Ang mga nominado sa ilalim ng Seksyon 10 (2) mula sa mga propesyonal na asosasyon sa ilalim ng Seksyon 9 (2) ay dapat maghalal ng dalawang sa kanilang mga sarili upang maging NBTC Commissioners sa ilalim ng Seksyon 6 (2); ang mga nominado sa ilalim ng Seksyon 10 (2) mula sa mga institusyong sa ilalim ng Seksyon 9 (4) ay maghahalal ng dalawang sa kanilang mga sarili na maging miyembro ng NBTC sa ilalim ng Seksyon 6 (2);

(3) Ang mga nominado sa ilalim ng Seksyon 10 (3) at Seksyon 10 (4) ay bukod-bukod na maghahalal mula sa kanilang mga sarili ng walong indibidwal upang maging ang mga Komisyoner ng NBTC sa ilalim ng Seksyon 6 (3), apat sa bawat larangan ng batas at ekonomiks;

(4) Ang mga nominado sa ilalim ng Seksyon 10 (5) ay maghahalal mula sa kanilang mga sarili ng apat na indibidwal upang maging ang mga Komisyoner ng NBTC sa ilalim ng Seksyon 6 (4) na kung saan

ang dalawa ay pangasiwaan ang Serbisyong Pangsasahimpapawid, at dalawa upang pangasiwaan ang Serbisyong Pangtelekomunikasyon;

(5) Ang mga nominado sa ilalim ng Seksyon 10 (6) ay maghahalal ng dalawang sa kanilang mga sarili upang maging mga Komisyoner ng NBTC sa ilalim ng Seksyon 6 (5).

Ang botohan ay dapat na alinsunod sa mga pamantayan at mga pamamaraan na inatas sa pamamagitan ng Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado. Ang mga indibidwalng nakakuha ng pinakamataas boto na iaantas sa pagkakasunud-sunod ng mga boto ay dapat piliin.

Matapos ang pagpili ng mga indibidwal ayon sa unang talata at ikalawang talaga, ang mga napiling mga indibidwal (1) (2) (3) (4) at (5) ay dapat ituring bilang kwalipikadong indibidwal alinsunod sa Seksyon (6) (1) (2) (3) (4) at (5) at ang desisyon ay dapat na pangwakas. Ang pagpili ay dapat na makumpleto sa period na hindi hihigit sasiyamnampung araw mula sa petsa ng anunsyo na ginawa sa mga rehistradong asosasyon, mga institusyon, o mga kinatawan upang gawin ang kanilang nominasyon ng angkop na indibidwal na napili bilang mga Komisyoner.

BAHAGI 3

Pagtatamo ng Listahan ng mga Komisyoner ng NBTC sa Pamamagitan ng Pagpili

Seksyon 14. Kapag ang sanhi ng pagpili at pagtalaga ng mga Komisyoner ng NBTC ay naganap, magkakaroon ng Kumite sa Masusing Pagsisiyasat upang piliin ang mga kwalipikadong indibidwal na maaring mahirang bilang mga Komisyoner. Ang Kumite sa Masusing Pagsisiyasat ay binubuo ng labing-limang miyembro ang mga sumusunod:

- (1) Ang Tagapangulo ng National Human Rights Commission;
- (2) Ang Tagapangulo ng National Economic at Social Advisory Council;
- (3) Ang Permanenteng Kalihim ng Tanggapan ng Punong Ministro;
- (4) Ang Permanenteng Kalihim ng Ministry of Defense;
- (5) Ang Permanenteng Kalihim ng Ministry Information and Communications Technology;
- (6) Director ng Thailand National Electronics and Computer Technology;
- (7) Ang Pangulo ng Council of Engineers;

- (8) Ang Tagapangulo ng Council of Disabled People of Thailand;
- (9) Ang Tagapangulo ng Communication Arts Association ng Taylandiya;
- (10) Ang Tagapangulo ng Confederation of Radio at and Television Propession Associations;
- (11) Ang Tagapangulo ng Coordinating Committee of Non-Governmental Organization;
- (12) Ang Tagapangulo ng Broad of Directors, The Thai Institute of Directors Association;
- (13) Ang Tagapangulo ng Thai Broadcast Journalists Association;
- (14) Ang Tagapangulo ng National Federation of Community;
- (15) Ang Tagapangulo ng Confederation of Consumer Protection Organization.

Ang Tagapangulo at mga miyembro ng Kumite sa Masusing Pagsisiyasat ay hindi maaring mahalal para sa aplikasyon bilang kumite ng NBTC, at ang mga organisasyong sa ilalim ng unang talata ay hindi dapat maging kwalipikado sa registration upang gumawa ng isang nominasyon sa ilalim ng Bahagi 2.

Ang mga miyembro ng Kumite sa Masusing Pagsisiyasat ay maghahalal ng isa sa kanilang mga sarili upang maging Tagapangulo at ang iba pang isa upang maging kalihim ng kumite.

Kung hindi na magkaroon ang buong miyembro ng Kumite sa Masusing Pagsisiyasat o kung sinumang miyembro nito ay hindi maisagawa ang kanyang mga tungkulin, ang kumite na hindi bababa sa kalahati ng kabuuang mga miyembro ay dapat buuin ng kanyang natitirang mga miyembro.

Ang kalihiman ng Senado ay dapat maging kalihiman para sa pagpili at pagtalaga ng mga miyembro.

Seksyon 15. Sa proseso na masusing pagsisiyasat sa ilalim ng Bahagi na ito, ang Kalihiman ng Senado ay dapat gumawa ng bukas na anunsyo para sa application ng mga kwalipikadong mga indibidwal ayon sa Seksyon 6 sa pamamagitan ng radyo, telebisyon, pahayagan at electronic media para na hindi bababa sa magkakasunod na tatlung araw.

Ang isang indibidwal na kwalipikado para sa aplikasyon na pagkakapili para maitalaga bilang Komisyoner ay hindi ang taong hinirang ng mga asosasyon o mga kinatawan sa ilalim ng Seksyon 10.

Kapag ang panahon na tinukoy ayon sa talataan isa ay lumipas, ang Kumite ng Masusing Pagsisiyasat ay dapat pumili ng mga indibidwal na angkop para sa pagkakatalaga bilang mga Komisioner sa dobleng bilang ng mga kasapi ayon sa Seksyon 6 (1) (2) (3) (4) at (5) .

Ang mga pamantayan at mga pamamaraan para sa pagpili ay dapat na i-atas sa pamamagitan ng Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado. Ang mga indibidwalng nakakuha ng pinakamataas boto na iaantas sa pagkakasunud-sunod ng mga boto ay dapat piliin.

Ang pagkakaloob ng Seksyon 13 ikatlong talata ay marapat dapat gamitin ang *mutatis mutandis* sa pagpili ng mga angkop na indibidwal para sa Kumite ng Masusing Pagsisiyasat.

Sinumang indibidwal ang napinsala mula sa masusing pagsisiyasat ay maaaring magsampa ng kanyang kaso sa Korte Administratibo, ngunit ito ay hindi dapat maging sanhi ng isang suspensyon o pagpapaliban ng anumang mga pamamaraan isinasagawa maliban kung ito ay pinasiyahan o iniutos ng Korte Administratibo. Sa kaso kung saan ang Administrative Court ay pinasiyahan o iniutos na ang nahirang na indibidwal ay hindi karapat-dapat at kwalipikado sa ilalim ng alinman sa mga prohibitions o napinili ng labag sa batas, ang ang indibidwal na iyon ay aalisin mula sa opisina mula sa petsa ng pag-uutos ng Korte Administratibo.

BAHAGI 4

Pagpili at Pagtalaga sa Mga Komisioner

Seksyon 16. Sa pagtanggap ng listahan ng mga pangalan ng mga karapat-dapat na indibidwal para sa pagkakatalaga bilang mga Komisioner ng NBTC sa pamamagitan ng nominasyon ayon sa Part 2, at sa pamamagitan ng pagpili ayon sa Part 3, ang Kalihim-Heneral ng Senado ay dapat magtala ng mga nasabing pangalan sa iisang listahan. Kung ang bilang ng karapat-dapat na indibiwal para sa pagkakatalaga bilang Commissioners ay hindi mas mababa sa dalawang beses ang bilang ng mga kasapi tulad ng tinukoy sa Seksyon 6 (1) (2) (3) (4) at (5), ang listahan, kasama ng mga biodata at work records ng mga nakalistang indibidwal sa listahan, ay dapat na malinaw na nakasaad kasama ang mga ebidensya ng deklarasyon na sila ay kwalipikado alinsunod sa Seksyon 6, ay dapat na isinumite sa Pangulo ng Senado sa loob ng tatlung araw mula sa petsa ng pagkuha ng mga listahan ng pangalan ayon sa Seksyon 13 at Seksyon 15 para sa karagdagang pagsasaalang-alang at resolution ng Senado.

Kung sakaling ang proseso ng nominasyon ayon sa ikalawang talata, o pagpili ayon sa Bahagi 3 ay hindi kumpleto sa pamamagitan ng takdang petsa na tinukoy sa Seksyon 13 ikatlong talata, ang Kalihim-Heneral ng Kalimihan ng Senado ay dapat magsumite ng listahan ng mga pangalan ng mga karapat-dapat na indibidwal para sa pagkakatalaga bilang mga Komisyoner na nakuha sa naitakdang date kasama ng mga biodata at work records ng mga nakalistang indibidwal sa listahan, kung saan ay dapat na malinaw na nakasaad kasama ang mga ebidensya ng deklarasyon na sila ay kwalipikado alinsunod sa Seksyon 6, sa Pangulo ng Senado sa loob ng tatlung araw bilang mula sa petsa na lumipas ayon sa Seksyon 13 at Seksyon 15 para sa karagdagang pagsasaalang-alang at resolution ng Senado.

Seksyon 17. Ang Senado ay dapat magpamasa sa isang resolution sa pagpili ng hinirang na indibidwal mula sa listahan pangalan na isinumite sa pamamagitan ng Kalihim-Heneral ng Kalimihan ng Senado sa loob ng animnapung araw mula sa petsa ng pagtanggap ng listahan ng mga pangalan para sa pagkakatalaga bilang Mga Komisyoner sa ilalim ng Seksyon 6. Para sa layuning ito, ang mga indibidwal na tumanggap ng pinakamataas na boto sa kani-sunod ay dapat piliin bilang Mga Komisyoner. Ang botohan ay dapat na isinasagawa sa pamamagitan ng lihim na balota. Ang mga napiling mga indibidwal ay dapat pasabihan nang naalinsunod.

Kapag ang oras na tinukoy sa ilalim unang talata ay lumipas, kung ang bilang ng mga napiling Commissioners ay mas mababa kaysa sa bilang na tinukoy sa Seksyon 6, ang Pangulo ng Senado ay dapat pasabihan ang Punong Ministro. Ang Punong Ministro ay dapat isumite ang listahan ng pangalan sa Konseho ng mga Ministro para sa konsiderasyon at aksyon upang makakuha ng isang kumpletong bilang ng mga Komisyoner alinsunod sa Seksyon 6 sa loob ng tatlung araw mula sa petsa ng pag-abiso sa ang Punong Ministro.

Seksyon 18. Sa kaso ng mga napiling indibidwal sa ilalim ng Seksyon 17 ay napasailalim sa anumang prohibisyon ayon sa Seksyon 8 (1) (2) o (3), ang Hari ang siyang maghihirang, sa payo ng Punong Ministro, kung sakali lamang kapag ang indibidwal na iyon ay nagbitiw sa posisyon ayon sa

Seksyon 8 (1) o (2), o nagbanggit ng katibayan na ang kanyang pakikipag-ugnayan sa trabaho o propesyon ayon sa Seksyon 8 (3) ay natigil sa pag-iiral. Ito ay dapat gawin sa loob ng labinlimang araw mula sa petsa ng pagkakapili. Kung ang indibidwal na iyon ay hindi sumasang-ayon o tumigil na gumawa ng trabaho o propesyon sa loob ng tinukoy na panahon, ituturing ang taong iyon na kailanman ay hindi napili bilang Komisyoner at ang Senado ay dapat pumili ng isa pang miyembro mula sa listahan ng pangalan na isinumite sa pamamagitan ng Kalihim-Heneral ng Kalihiman ng Senado ayon sa Seksyon 16.

BAHAGI 5

Termino at Paglisan sa Tanggapan

Seksyon 19. Ang Mga Komisyoner ay dapat manungkulan ng isang termino ng anim na taon mula sa petsa ng pagkakatalaga mula sa Hari at siya ay maglilingkod ng isang termino lamang.

Ang mga Komisyoner na lilisan ng tanggapan sa pagtatapos ng kanilang termino ay maaraming manatili sa tanggapan at magpatuloy sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin hanggang sa magpalabas ng Kautusang Royal ang Hari sa pagtatalaga ng mga bagong Komisyoner.

Bago ang pagtatapos ng termino, para sa period na hindi mas mababa sa siyam na pung araw, ang Kalihiman ng Senado ay dapat maghanda sa proseso ng nominasyon at sa pagtatalaga ng mga bagong Komisyoner nang walang pagkaantala.

Seksyon 20. Bilang karagdagan sa paglisan ng isang tanggapan buhat sa pagtatapos ng termino, lilisan ang Komisyoner sa tanggapan kapag:

- (1) Pagpanaw;
- (2) Pagtungtong ng ika-pitumpung taong gulang;
- (3) Pagbibitiw;
- (4) Mapawalang-karapatang o pagsasailalim sa ng anumang ng prohibisyon ng seksyon 7;
- (5) Paglabag sa Seksyon 8;
- (6) Pagkakataliks sa pamamagitan ng isang resolusyon ng Senado sa ilalim ng Seksyon 21;
- (7) Pagkakaalis sa bisa ng isang resolusyon ng Senado sa ilalim ng *Organic Act on Counter*

Corruption;

Ang paglisan sa tanggapan sa ilalim ng (1) (2) o (3) ay dapat na pinararating sa Hari sa kanyang pagkilala. Kung ang paglisan ng tanggapan ay napapasailalim sa (4) (5) (6) o (7), ang usapin ay iminumungkahi sa Hari para sa pagbigay ng Kautusang Royal sa pag-alis ng Komisyoner mula sa tanggapan. Ang nasabing Kautusang Royal ay magkakabisa mula sa petsa ng pagkakaalis ng karapatan ng nasabing indibidwal, o kung siya man ay nasa ilalim ng alinman sa mga prohibisyon, o sa petsa ng pagsasagawa paglabag sa batas, o ang petsa na mayroon ang Senado na resolusyon para lisanin ang tanggapan, o maaring sa petsa ng kanyang pagkakatanggal sa tanggapan.

Kung may sanhi sa ilalim ng unang talata, ang mga natitirang mga Komisyoner ay maaaring magpatuloy na magsagawa ng mga kanilang tungkulin at ang NBTC ay dapat binubuo ng mga umiiral na Komisyoner na hindi mas mababa sa anim na tao.

Sa kaso kung saan ang isang Komisyoner ay lumisan mula sa tanggapan bago makumpleto ang kanyang termino, ang taong hinirang na kanyang kapalit ay mananatili sa tanggapan para sa termino na hindi natapos ng kanyang pinalitan. Sa kasong ang natitirang termino ay bababa ng tatlong taon, ang pumalit ay kwalipikado para sa isa pang pagtatalaga para sa isa pang termino.

Sa kaso kung saan ang Tagapangulo o Pangalawang Tagapangulo ay lumisan mula sa tanggapan kaugnay sa unang talata, ang mga Komisyoner ng NBTC ay pipili at maghahalal mula sa kanilang mga sarili ng magigingng ang Tagapangulo o Pangalawang Tagapangulo at ipagbigay-alam sa Punong Ministro para sa kanyang pagkilala na kung saan naman ang Punong Ministro ay imumungkahi sa Hari ang mga pangalan para sa pagtatalaga sa Tagapangulo o Pangalawang Tagapangulo.

Seksyon 21. Ang mga miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan (House of Representatives) o ng Senado ng hindi mas mababa sa sangkapat na bahagi ng kabuuang bilang ng mga miyembro ng bawat Kapulungan ay may karapatan na maghain sa Pangulo ng Senado upang humiling na ang Senado ay magpasa ng isang resolusyon na mag-aalis sa/mga Komisyoner mula sa tanggapan sa dahilanang kapuna-punang kasamaang asal o kapuna-punang kapabayaang sa pagganap ng tungkulin.

Ang resolusyon ng Senado sa ilalim ng unang talata ay dapat maipasa ng boto ng hindi kukulangin sa tatlong-kapat ng kabuuang bilang ng mga umiiral na mga miyembro ng Senado.

Seksyon 22. Sa anumang kaganapan ng pagkabigo ng NBTC upang maisagawa ang kanilang mga tungkulin ng mahusay na itinatadhana ng batas, ang mga sumusunod na tao ay may karapatan na maghain

sa Pangulo ng ang Senado upang humiling na ang Senado ay magpasa ng isang resolusyon ag mag-aalis sa lahat NBTC Commissioners mula sa tanggapan:

(1) Ang mga miyembro ng House of Representatives ay hindi kukulangin sa isang-ikaapat ng kabuuang bilang ng mga umiiral na mga miyembro ng House;

(2) Ang mga miyembro ng Senado ay hindi mas mababa sa isang-ikaapat na bahagi ng kabuuang bilang ng mga umiiral na mga miyembro ng Senado;

(3) Hindi kukulangin sa 20,000 mga tao na gumagamit ng serbisyo ang maaapektuhan ng pagkilos ayon sa unang talata. Ang reklamo ay kailangang isumite sa Pangulo ng Senado alinsunod sa mga pamantayan na tinukoy ng Pangulo ng Senado.

Ang resolusyon ng Senado sa ilalim ng unang talata ay dapat maipasa ng boto ng hindi kukulangin sa dalawang-ikatlo ng kabuuang bilang ng mga umiiral na mga miyembro ng Senado. Sa paggawa ng mga resolusyon, ang *Report of the Monitoring and Evaluation Committee* na isinumite sa Senado alinsunod sa Seksiyon 72 ay dapat bigyan ng pagsasaalang.

Sa kaso kung saan ang lahat ng mga Komisyoner ay lisanin ang tanggapan sa kadahilanang nakapaloob sa unang talata, ang lilisang Komisyoner ay mananatili sa pwesto kung kinakailangan hanggang ang mga bagong Komisyoner ay pumalit sa tanggapan.

BAHAGI 6

Mga Pulong, Mga Kapangyarihan, at Mga Tungkulin ng Komisyon

Seksyon 23. Ang pangangasiwa ng mga pulong, ang paggawa ng mga resolusyon at pagganap sa tungkulin ng NBTC ay dapat na alinsunod sa mga patakaran at regulasyon na itinakda ng NBTC.

Ang sino mang Komisyoner na may pansariling interes sa bagay pinag-uusapan ay hindi dapat magkaroon ng karapatan na dumalo sa pulong.

Sa pagganap ng kanilang tungkulin, ang NBTC ay maaaring magtalaga ng isa o higit sa isang Commissioner para kumilos sa ngalan nito. Ang NBTC ay maaaring hindi tanggihan ang anumang pananagutan sa batayan na ang mga Komisyoner ay ipinagkatiwalaan upang magsagawa ang naturang tungkulin.

Seksyon 24. Ang pangangasiwa ng mga tungkulin ng NBTC, BC at TC sa mga usapin na may kaugnayan sa o pagkakaroon ng epekto sa pampublikong interes ay dapat isagawa sa pamamagitan ng resolution ng pulong. Ang mga minuto ng pulong at mga resulta ng mga desisyon na ginawa bilang indibiduwal at bilang isang grupo ay dapat isiwalat sa publiko sa pamamagitan ng electronic media ng Tanggapan ng NBTC at anumang iba pang naaangkop paraan bilang inatas ng NBTC.

Anumang impormasyon na nakapaloob sa mga minuto ng pulong (minutes of the meeting) kung saan ay hindi nasasakop sa paghahayag ayon sa Official Information Act, ang NBTC ay maaaring magpasa sa isang resolution sa partikular na impormasyon ay hindi dapat inilabas.

Ang pagsisiwalat ng mga nilalaman ng minuto ng pulong at mga resulta ng mga desisyon sa ilalim ng unang talata ay dapat gawin sa loob ng tatlung araw mula sa petsa ng pagpasa sa resolution, ngunit ay maaaring palawigin ng hindi hihigit sa labing-limang araw sa mga kinakailangang kaso. Sa ganito, ang mga dahilan at mga pangangatwiran para sa extension ay dapat na ibinigay.

Seksyon 25. Ang Komisioner (mga) ay dapat na itinuturing bilang indibidwal na may hawak ng isang mataas na posisyon sa ilalim ng *Organic Act on Counter Corruption* at marapat-dapat na isang karampatang opisyal sa ilalim ng Penal Code.

Seksyon 26. Ang Tagapangulo, Pangalawang Tagapangulo, at iba pang mga Komisioner ay dapat gumanap full time na trabaho.

Ang Tagapangulo, Pangalawang Tagapangulo, at iba pang mga Komisioner ay tatanggap ng buwanang renumerasyon batay sa nakasaad sa Royal Decree.

Ang Tagapangulo, Pangalawang Tagapangulo, at iba pang mga Komisioner ay maaaring magreimburse sa mga gastos sa paglalakbay na natamo mula sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin sa ibang mga lugar ng hindi hihigit sa rate na nakasaad sa Royal Decree.

Seksyon 27. Ang NBTC ay may mga kapangyarihan at mga tungkulin tulad ng mga sumusunod:

(1) Upang magbalangkas ng isang Frequency Management Master Plan, Talaan ng Paglaan ng mga Frequency, Broadcasting Master Plan, Telecommunications Master Plan, Frequency Plan, at Telecommunications Numbering Plan;

(2) Upang magtalaga ng radio frequencies para sa pamamahala ng mga serbisyong sound broadcasting, television broadcasting, radiocommunication, at serbisyong pangtelekomunikasyon;

(3) Upang mag-atas na mga katangian at mga kategorya ng mga serbisyong sound broadcasting, television broadcasting, radiocommunication, at serbisyong pangtelekomunikasyon;

(4) Upang bigyan ng lisensya at pangasiwaan ang paggamit ng mga radio frequencies at radiocommunication equipments sa pamamahala sa sound broadcasting, television broadcasting at serbisyong pangtelekomunikasyon, o serbisyo sa radiocommunication; at mag-atas ng lincensing at mga pamamaraan, mga kondisyon, o licensing fees;

(5) Upang magatas ng pamantayan para sa mahusay na paggamit ng mga radio frequency nang hindi nagiging sanhi ng pagkagambala sa ang parehong uri ng negosyo at iba pang uri ng negosyo;

(6) Upang magbigay lisensya at pangansiwaan ang operasyon ng sound broadcasting, television broadcasting at serbisyong pangtelekomunikasyon, upang magbigay daan sa user ng serbisyo na magkaroon ng mga pagpipiliang may kalidad, kahusayan, pagiging maagap, maaasahan at kainaman; at mag-atas ng lincensing at mga pamamaraan, mga kondisyon, o licensing fees;

(7) Upang magbigay lisensya at pangansiwaan ang paggamit ng mga numero ng telekomunikasyon; at mag-atas ng licensing criteria at mga pamamaraan, mga kondisyon, o licensing fees;

(6) Mga listahan ng mga reklamo, progreso, at mga resulta ng pagsasaalang-alang na may paggalang sa mga reklamo ng mga mamimili at mga licensee, at mga numero ng mga nakabinbing mga bagay;

(7) Mga resulta ng pagkuha na isinagawa ng Office of the NBTC sa mga detalye at mga kaugnay na mga kontrata.

Seksyon 60. Ang Tanggapan ng NBTC ay magkakaroon ng Kalihim-Heneral ng NBTC na dapat maging responsable para sa pagganap ng gawain ng Tanggapan at direktang may panangutan sa Tagapangulo at ang magiging higit na mataas sa mga opisyal at empleyado ng Office.

Ang Kalihim-Heneral ay kakatawan sa mga ugnayang vis-à-vis sa ikatlong persona. Para sa layuning ito, ang Kalihim-Heneral ay maaaring magpakatawan ng kapangyarihan sa sinumang tao upang maisagawa ang anumang partikular na mga gawa, alinsunod sa mga regulasyon na itinakda ng NBTC at

inilathala sa Government Gazette. Ang nasabing regulasyon ay hindi dapat iniatas sa paraang pagpilit sa Kalihim-Heneral na magpakatawan ng kanyang kapangyarihan sa iba pang mga tao.

Seksyon 61. Ang Chairperson, na may pahintulot ng NBTC, ay dapat maghirang at alisin ang Kalihim-Heneral ng NBTC. Ang Kalihim Panlahat ay ng hindi kukulangin sa tatlumpong limang taong gulang sa petsa ng appointment at mangagtatapi ng kayong mga kwalipikasyon at hindi na sa ilalim ng pagbabawal sa ilalim ng Seksyon 7 kabilang ang iba pang mga kwalipikasyon tulad ng tinukoy sa pamamagitan ng NBTC.

Seksyon 62. Ang Kalihim-Heneral ay dapat manungkulan sa isang termino ng limang taon mula sa petsa ng pagkatalaga at maaaring muling hirangin ngunit hindi dapat manungkulan sa loob ng mahigit sa dalawang magkasunod na termino.

Seksyon 63. Bilang karagdagan sa paglisan ng tanggapan sa pagtatapos ng termino sa ilalim ng Seksyon 62, ang Kalihim-Heneral ay lilisan sa tanggapan sa:

- (1) Pagpanaw;
- (2) Pagtungtong ng ika-animnapu't taong gulang;
- (3) Pagbibitiw;
- (4) Pagiging bangkarote;
- (5) Pagkakabilanggo sa pamamagitan ng isang pangwakas na kahatulan para mabilanggo;
- (6) Pagkadiskwalipikado o pagsasailalim sa alinman sa mga prohibitions sa ilalim ng Seksyon 61

Ikalawang talata;

(7) Pagkakaalis sa bisa ng isang resolusyon ng mga miyembro ng NBTC, sa pamamagitan ng boto ng hindi kukulangin sa dalawang-ikatlo ng kabuuang bilang ng mga komisyoner sa mga batayan ng masamang pamamahala, masamang asal, o kawalan ng kakayahan upang maisagawa ang kanyang mga gawain;

Seksyon 64. Ang Kalihim-Heneral at mga opisyal ng Tanggapan the NBTC ay dapat ituring bilang mga opisyal ng estado sa ilalim ng Organic Act on Counter Corruption.

Ang mga opisyal ng Tanggapan ng NBTC ay dapat magkaroon ng kwalipikasyon at hindi mapasailalim sa prohibitions sa ilalim ng mga regulasyon na itinakda ng NBTC at hindi dapat maging isang miyembro ng Lupon ng mga Direktor, punong ehekutibo, tagapayo, empleyado, shareholder o

kasosyo sa isang kumpanya o partnership o anumang iba pang juristic person dala ang broadcasting o telecommunications business.

Ang Kalihim-Heneral ay dapat ituring bilang tao na may hawak ng isang mataas na posisyon sa ilalim ng Organic Act on Counter Corruption.

Sa pagganap ng tungkulin sa ilalim ng Batas na ito, ang Kalihim-Heneral at karampatang mga opisyal ay dapat na mga opisyal sa ilalim ng Penal Code.

Seksyon 65. Ang mga kita ng Tanggapan ng NBTC ay magmumula sa mga sumusunod:

(1) Spectrum license fees at business license fees sa ilalim ng Seksyon 42 Ikalawang Talata at Seksyon 45 Ikatlong Talata;

(2) Ang mga kita o mga benepisyo na naipon mula sa pamamahala ng mga tungkulin ng NBTC at ng Tanggapan ng NBTC;

(3) Ang mga kita na nakuha mula sa ari-arian ng Tanggapan ng NBTC;

(4) Mga pera at ari-arian naibigay sa Tanggapan ng NBTC alinsunod sa mga regulasyon na itinakda ng NBTC para sa gawain ng Tanggapan;

(5) Subsidiya mula sa pamahalaan.

Ang kita ng Tanggapan sa ilalim ng (1) at (2) matapos ibawas sa mga gastusing nilaan para sa mahusay na pamamahala ng opisina, mga kinakailangan na pasaning gastos, at pera na inilalaan para sa Pondo sa ilalim ng Seksyon 52 at para sa Departamento ng Teknolohiya para sa Pongong Edukasyunal sa ilalim ng batas sa pambansang edukasyon ay dapat ipadala sa Kagawaran ng Pananalapi ng Estado.

Sa kaso kung saan ang kita ng Tanggapan ay hindi sapat para sa mahusay na pamamahala ng opisina, kabilang ang mga kinakailangang pasaning gastos, at iba pang mga pinagkukunan ay hindi magagamit, ang pamahalaan ay dapat maglaan ng pambansang badyet para sa Tanggapan kung kinakailangan.

Seksyon 66. Para sa kapakinabangan ng paglalaan pambansang badyet para sa Tanggapan ng NBTC sa ilalim ng Seksyon 65 ikatlong talata, ang Tanggapan ay dapat magsumite ng tinatayang taunang badyet sa Konseho ng mga Ministro upang bigyan subsidiya sa Tanggapan sa ilalim ng taunang bill ng paglalaan o karagdagang talaan ng badyet bilang pansakaling kaso. Sa bagay na ito, ang Konseho ng mga Ministro ay maaaring magbigay ng puna sa nilaang badyet ng Tanggapan sa pagsumite para sa taunang

bill sa paglalaano karagdagang bill sa badyet. Ang Kapulungan ng mga Kinatawan o ang Senado ay maaaring humiling sa harapan ng Kalihim-Heneral upang magbigay ng impormasyon para sa pagsasaalang-alang ng Kapulungan.

Seksyon 67. Lahat ng ari-ariang hindi nagagalaw na kung saan ay natamo ng Tanggapan ng NBTC pamamagitan ng pagkuha ng palitan mula sa mga kita ng Tanggapan ayon sa Seksyon 65 (1) (2) o (3) o donasyon ayon sa (4) ay dapat pag-aari ng Tanggapan.

Para sa ari-arian ng estado sa ilalim ng Rachaphatsadu land sa ilalim ng Batas sa Rachaphatsadu lupain na ay inookupahan ng Tanggapan, ang Tanggapan ay may awtoridad na mamahala, mangalaga, pagpapanatili, gamit at paggamit ng kapakinabangan alinsunod sa mga regulasyon na itinakda ng NBTC.

Ang ari-arian ng Tanggapan ng NBTC ay hindi mapapatawan ng buwis.

Seksyon 68. Ang mga pinansiyal na ng Tanggapan ng NBTC ay dapat maghanda alinsunod sa mga internasyonal na pamantayan sa accounting na pinasiyahan sa pamamagitan ng Federation of Accounting Professions at dapat magkakaroon ng isang panloob na audit sa pananalapi, accounting at mga imbentaryo ng Tanggapan ng NBTC alinsunod sa mga regulasyon na itinakda ng NBTC.

Sa pagsasagawa ng isang panloob na audit sa ilalim ng unang talata, dapat magkakaroon ng Komite sa Panloob na Awdit na binubuo ng hindi kukulangin sa tatlong ngunit hindi higit sa limang miyembrong hinirang ng NBTC mula sa mga dalubhasa sa mga panloob na pag-audit na may kwalipikasyon at hindi sa ilalim ng mga prohibition ayon sa Seksyon 7 at Seksyon 8. Ang Tanggapan ay dapat maghirang ng mga opisyal nito sa naaangkop na mga numero bilang mga internal auditor na direktang may pananagutan sa Komite ng Panloob na Awdit upang tulungan ang Komite sa pagganap tungkulin nito.

Ang Komite ng Panloob na Awdit ay dapat maging malaya sa kanyang pagganap ng mga tungkulin at ang NBTC, Kalihim-Heneral ng Tanggapan ng NBTC at mga opisyal ng Tanggapan ng NBTC ay dapat pangasiwaan ang trabaho ng Komite ng Panloob na Audit at panloob na mga awditor bilang alinsunod sa kahilingan.

Ang Komite ng Panloob na Awdit ay dapat ipagbigay-alam sa NBTC ng mga resulta ng pag-awdit sa bawat isangdaan at walumpung araw.

Ang termino ng trabaho, paglisan ng opisina, at pulong ng Komite ng Panloob na Awdit ay dapat na alinsunod sa mga regulasyon na itinakda ng NBTC.

Seksyon 69. Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat iahnda ang balance sheet, pinansiyal na pahayag, at libro ng mga account nito at isumite ang mga ito sa awditor sa loob ng animnapung araw matapos ang katapusan piskal na taon.

Sa bawat taon, ang Tanggapan ng Awditor-Heneral ay dapat maging awditor at mag-awdit sa paggastos ng pera at ari-arian ng Tanggapan ng NBTC. Sa ulat sa awdit, dapat itong maglaman ng isang pagsusuri ng pagiging epektibo ng badyet sa paggastos at bigyan pahayag bilang ang paggastos ay alinsunod sa mga layunin at ang antas ng kanyang mga nagawa ayon sa mga target. Ang ulat ng awditor ay dapat isumite sa NBTC, sa Gabinete at sa Pambansang Asemblea.

Ang Tanggapan ng NBTC ay isang yunit na dapat suriin sa ilalim ng Organic Act on State Audit.

KABANATA VI

Ang Follow-up, Pagsusuri, at Paghuhusga ng Performance and Pangangasiwa

Seksyon 70. Magkakaroon ng Komite sa Performance Follow-up at Pagsusuri na binubuo ng isang tagapangulo at iba pang mga apat na mga miyembro na nagtataglay ng magandang kahusayan sa talaan trabaho, kaalaman at kadalubhasaan o karanasan tulad ng sumusunod:

(1) Isang dalubhasa sa serbisyong sound broadcasting, at isa pa sa serbisyong television broadcasting;

(2) Isang dalubhasa sa serbisyo ng telekomunikasyon;

(3) Isang dalubhasa sa pagprotekta sa konsyumer;

(4) Isang dalubhasa sa mga karapatang pantao at pagtaguyod ng kalaayn;

Ang Tagapangulo ng Senado ay dapat magsagawa ng isang pagpili ng mga tao na angkop para sa pagkahirang bilang komite sa dobleng bilang ng mga kasapi ayon sa unang talata bago magsumite ng listahan sa Senado para sa kanyang pagsasaalang-alang alinsunod sa mga pamantayan at mga pamamaraan na itinakda ng Tagapangulo of the Senado.

Ang mga taong napili bilang komite ay dapat matugunan at maghalal ng isa sa kanilang mga

sarili upang maging ang tagapangulo.

Seksyon 71. Ang Komite sa Performance Follow-up at Pagsusuri ay dapat manungkulan sa loob ng tatlong taon ngunit hindi dapat hihirangin upang manungkulan sa dalawang magkasunod na termino.

Ang Komite sa ilalim ng unang talata ay hindi dapat isang isang miyembro ng NBTC, BC, TC, sub-komite, Kalihim-Heneral ng NBTC, mga opisyal o kawani ng Tanggapan ng NBTC. Ang mga probisyon ng Seksyon 7, Seksiyon 8 at Seksyon 20 (1) (3) (4) at (5) ay dapat gumamit ng *mutatis mutandis*.

Sa kaso kung saan ang Komite sa Performance Follow-up at Pagsusuri ay lisanin ang tanggapan dahil sa anumang kadahilan maliban sa paglisan sa pagkakumpleto ng termino, ang mga natitirang mga miyembro ay maaaring ipagpatuloy na pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin at ito ay dapat ituring na ang Komite sa Performance Follow-up at Pagsusuri ay binubuo ng ang mga umiiral na mga miyembro ngunit hindi kukulangin sa tatlong katao.

Ang pamamahalas ng mga pulong at paggawa ng resolusyon ay dapat na alinsunod sa mga patakaran at regulasyon na itinakda ng Komite sa Performance Follow-up at Pagsusuri

Ang mga renumberasyon at iba pang sustento sa pagpili at pagganap ng Komite sa Follow-up at Pagsusuri ay dapat na alinsunod sa mga patakaran at regulasyon na itinakda ng NBTC.

Seksyon 72. Ang Komite sa Performance Follow-up at Pagsusuri ay may dapat magkaroon ng tungkulin at kapangyarihan sa pagsubaybay, awdit, at paghuhusga sa performance at pamamahala ng NBTC, BC, TC, Tanggapan ng NBTC, at Kalihim-Heneral ng NBTC at mag-ulat sa NBTC sa loob ng siyamnapung araw mula sa petsa na nagtatapos ng bawat taong pang-accounting. Ang NBTC ay dapat isumite ang nasabing ulat kasama ang taunang ulat ng performance ng NBTC sa ilalim ng Seksyon 76 sa Pambansang Asemblea. Ang nasabing ulat ay dapat na ipaalam sa publiko sa pamamagitan ng sistema ng impormasyon network ng Tanggapan ng NBTC o anumang iba pang paraan na naaangkop.

Ang paghuhusga ayon sa unang talata ay dapat na batay sa mga katotohanan at impormasyon at mga resulta ng mga pagdinig na nakuha mula sa lahat ng mga stakeholder.

Ang Komite ay maaaring magtalaga ng iba pang mga ahensyang dalubhasa o mga kinatawan upang isagawa sa ang mga gawain ng pagtatala at pagtatasa ng impormasyon at paghuhusga para sa layunin ng ulat na paghahanda.

Seksyon 73. Ang ulat sa ilalim ng Seksyon 72 ay dapat magtaglay ng mga sumusunod na nilalaman:

- (1) Performance ng NBTC, BC, TC, Tanggapan ng NBTC at Kalihim-Heneral ng NBTC;
- (2) Katotohanan o obserbasyon tungkol sa performance ng mga tungkulin ng NBTC sa mga tuntunin ng kahusayan nito at pagsunod sa mga patakaran ng pamahalaan pati na rin ang mga opinyon at mga rekomendasyon.
- (3) Mga Komento sa taunang ulat ng NBTC sa ilalim ng Seksyon 76;
- (4) Iba pang mga bagay na itinuturing na angkop para sa pagkilala sa NBTC, National Assembly o ng publiko.

Ang NBTC, BC, TC, Tanggapan ng NBTC at Kalihim-Heneral ng NBTC ay dapat magbigay kooperasyon at pasilidad tulad ng hiniling ng Komite sa Performance Follow-up at Pagsusuri.

KABANATA VII

Ugnayan sa Pamahalaan at sa Pambansang Asemblea

Seksyon 74. Sa pamamahala na kanyang tungkulin, ang NBTC ay dapat magmasid at kumilos alinsunod sa mga patakaran na ipinahayag ng Gabinete sa Pambasang Asemblea.

Seksyon 75. Sa kaso kung saan ay may negosasyon o pagtatapos ng kasunduan sa pagitan ng Pamahalaan ng Kaharian ng Taylandiya at ang pamahalaan ng ibang bansa o mga internasyonal na organisasyon na may kaugnayan sa pangangasiwa ng spectrum, sound broadcasting, television broadcasting, at mga serbisyong pangtelekomunikasyon, o iba pang kaugnay na pagsasagawa, ang NBTC at ang Tanggapan ng NBTC ay ang may tungkulin na magbigay ng impormasyon at lumahok bilang naabisuhan ng pamahalaan.

Seksyon 76. Ang NBTC ang siyang maghahanda ng isang taunang ulat sa performance sa pangangasiwa ng spectrum, sound broadcasting, television broadcasting, at mga serbisyong pangtelekomunikasyon bilang kaso ay maaaring magpakita ng mga detalye ng mga plano sa trabaho at

mga resulta, pangangasiwa ng spectrum, frequency assignment, operasyon ng negosyo sa sound broadcasting, television broadcasting, at mga serbisyong pangtelekomunikasyon, at plano ng gawain sa hinaharap, ay dapat isumite sa Gabinete at sa Pambansang Asemblea sa loob ng isang daan at dalawampung araw mula sa petsa ng pagtatapos ng bawat taong pangaccounting. Ang ulat na ito ay dapat na ipaalam sa publiko.

Ang taunang ulat ng performance sa ilalim ng unang talata ay dapat maglaman ng mga sumusunod:

(1) Mga Resulta ng Performance ng NBTC sa nakaraang taon kumpara sa mga tinakdang plano sa trabaho o proyekto

(2) Plano ng trabaho, proyekto at mga plano ng badyet para sa mga darating na taon;

(3) Pinansiyal na pahayag at ulat ng awditor, ulat ng panloob na audit;

(4) Mga problema at balakid sa pamamahala sa pagsasagawa ng mga serbisyong sound broadcasting, television broadcasting, and serbisyong pangtelekomunikasyon na makabuluhan sa publiko;

(5) Kalidad at rate sa singil sa serbisyo ng iba't ibang uri ng telekomunikasyon na makabuluhan sa publiko;

(6) Kahusayan at pagiging epektibo sa paghawak ng mga reklamo ng mga mamimili

(7) Kahusayan at pagiging epektibo sa paghawak ng Pondo sa ilalim ng Seksyon 52;

(8) Ulat sa ang kumpetisyon sa sound and television broadcasting, at mga merkado ng telekomunikasyon, kabilang ang obserbasyon tungkol sa mga pagkilos sa kaparaanang ng dominasyon sa merkado kapwa tuwiran at hindi tuwiran na sanhi ng mga epekto sa mga tao at pampublikong interes.

Ang Punong Ministro, ang Kapulungan ng mga Kinatwan, at ang Senado ay maaaring humiling sa NBTC o ang Kalihim-Heneral ng NBTC ng pagpapaliwanag sa alinman sa mga bagay na pagpapatupad sa pamamagitan ng sulat o pahayag na berbal.

KABANATA VIII

Mga Kaparusahan

Seksyon 77. Para sa sinumang broadcasting o telecommunications business operator na hindi sumunod sa kautusan na nakasailalim sa ikalawang talata ng Seksyon 31, ang NBTC ay magkakaroon ng

kapangyarihan upang magpataw ng isang administratibong multa na hindi hihigit sa limang milyong Baht at multang hindi hihigit sa isang daang libong Baht bawat araw sa lahat ng oras na ang utos ay hindi pa na-obsorbahan.

Seksyon 78. Ang sinumang tao na gumagamit ng frequency para sa radio at television broadcast o telecommunications business nang walang pahintulot sa unang talata ng Seksyon 41 o sa unang talata ng Seksyon 45 ay mananagot sa mga parusa na nakatakda para sa mga kasalanan na nakasailalim sa Seksyon 66 ng Broadcasting Business Act 2008 o Seksyon 67 ng Telecommunications Business Act 2001 ayon sa kaso.

Seksyon 79. Anumang karampatang opisyal ng NBTC o tao na gumaganap ng kapangyarihan ng NBTC na nagkaroon ng kaalaman o ipinahayagan tungkol sa paglabag sa batas ng paggamit ng mga frequency na labag sa, o hindi pagsunod sa Batas na ito, at kung ang opisyal ay nabigo sa pagpatupad ng batas at kung ang kilos o ang pagpigil mula sa naturang batas ay hindi isang pagkakasala sa ilalim ng Seksyon 157 ng Penal Code, ang karamptang opisyal ng NBTC o tao na nagsasanay ng kapangyarihan ng NBTC ay may pananagutan na pagkabilanggo para sa isang termino na hindi hihigit sa tatlong taon o sa multang hindi hihigit sa anim na pung libong Baht o pareho.

Mga Panandaliang Probisyon

Seksyon 80. Sa panahon na wala ang NBTC na nakasailalim sa Batas na ito, ang National Telecommunications Commission na itinatag sa ilalim ng Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at sa Pagregula ng Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon 2000 ay patuloy na isasagawa ang mga tungkulin bilang NBTC na nakasailalim sa Batas na ito maliban sa broadcasting business na nakasailalim sa Broadcasting Business Act, kung saan ay dapat na alinsunod sa batas na iyon.

Ang National Telecommunications Commission na nakasailalim sa unang talata ay lilisanin ang opisina sa pagtatalaga ng NBTC.

Seksyon 81. Ang Komisyon sa ilalim Broadcasting Business Act 2008, Komisyon sa ilalim ng Telecommunications Business Act 2001 at ang National Commission on Radio and Television Broadcasting Service na nakasailalim sa Seksyon 61 ng Thai Public Broadcasting Service Act 2008 ay mangangahulugang ang NBTC sa ilalim ng Batas na ito.

Lahat ng mga kapangyarihan at tungkulin ng mga ministro, Direktor-Heneral ng Post at Telegraph Department, at mga licensing official ng pamahalaan sa ilalim ng Radio communication Act ay magiging kapangyarihan at tungkulin ng NBTC na nakasailalim sa Batas na ito.

Seksyon 82. Kapag ang NBTC ay itinalaga, ang mga kagawaran ng pamahalaan, mga negosyo ng estado, mga ahensiya ng estado o sinumang mga tao na itinalagahan ng frequency o gumagamit ng frequency para sa mga operasyon ng sound broadcasting, television broadcasting, at telecommunications business sa petsa ng pagtala sa pagkabisa ng Batas na ito ay dapat magkaroon ng mga tungkulin upang ipaalam sa NBTC ang mga detalye ng paggamit ng frequency kabilang ang mga dahilan ng paghahawak ng mga frequency sa alinsunod sa mga pamantayan at pagitan ng oras na tinukoy ng NBTC.

Sa pagsunod sa unang talata, ang mga kagawaran ng pamahalaan, negosyo ng estado, at mga ahensiya ng estado ay dapat ipagbigay-alam sa NBTC ang mga detalye ng permit, konsesyon, o kontrata, kabilang ang contract duration at concession fees o iba pang mga benepisyo ayon sa kani-kanilang mga permit, mga konsesyon, o mga kontrata na alinsunod sa mga pamantayan at mga pamamaraan na tinukoy ng NBTC. Ang NBTC ay magsusuri ng legalidad ng mga permit, konsesyon, o kontrata, pati na rin nito ibubunyag ang mga impormasyon at mga resulta ng pagsusuri sa publiko.

Seksyon 83. Ang sinumang tao na itinalaga ng frequency o paggamit nito para sa legal na operasyon ng sound broadcasting o television broadcasting business sa petsa ng pagtala sa pagkabisa ng Batas na ito at sa pagsunod sa Seksyon 82 ay dapat ituring na maging lisensyado sa ilalim ng Batas na ito. Ang NBTC ay mangangasiwa sa mga frequency assignee, o mga frequency user na alinsunod sa Batas na ito, ang iba pang mga batas at ang pamantayan na tinukoy ng NBTC hanggang sa katapusan ng assignment sa ilalim ng ikatlong talata.

Ang probisyon ng Seksyon 43 ay hindi sasaklaw sa mga kagawaran ng pamahalaan at mga negosyo ng estado na itinalagahan ng frequency ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng awtorisasyon, konsesyon o kontrata sa iba pang mga tao para sa legal na operasyon ng negosyo. Ang taong pinagkalooban ng awtorisasyon, konsesyon o kontrata ay may karapatan na ipagpatuloy ang negosyo para sa natitirang panahon na kaugnay ng naturang awtorisasyon, konsesyon o kontrata hanggang sa pagwawakas ng mga ito.

Ang NBTC ay titiyakin ang eksaktong tagal para sa mga frequency assignee, o sa mga gumagamit upang ibalik ang mga frequency para sa muling pagtatalaga o pagpapabuti na tinukoy sa Spectrum Management Master Plan na nakasailalim sa Seksyon 48 na may angkop na pagsasaalang-alang sa pampublikong interes at pangangailangan ng ipinangako at paggamit ng frequency. Ang mga dahilan at pangangailangan para sa may hawak ng mga frequency tulad ng ipinahayag sa ilalim ng Seksyon 82 ay dadalhin sa pagsasaalang-alang.

Seksyon 84. Ang sinumang tao na itinalagahan ng frequency o paggamit ng frequency para sa legal na negosyong pangtelekomunikasyon sa petsa ng pagkatala sa pagkabisa ng Batas na ito at sa pagsunod sa Seksyon 82 ay dapat ituring na maging lisensyado sa ilalim ng Batas na ito. Ang NBTC ang mangangasiwa ng mga frequency assignee o mga frequency user na may alinsunod sa Batas na ito, ang iba pang mga batas at ang pamantayan na tinukoy ng NBTC hanggang sa katapusan ng assignment sa ilalim ng ikaapat na talata.

Ang probisyon ng Seksyon 46 ay hindi sasaklaw sa mga kagawaran ng pamahalaan at mga negosyo ng estado na itinalagahan ng frequency ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng awtorisasyon, konsesyon o kontrata sa iba pang mga tao para legal na operasyon ng negosyo. Ang taong pinagkalooban ng awtorisasyon, konsesyon o kontrata ay may karapatan na ipagpatuloy ang negosyo para sa natitirang panahon na kaugnay ng naturang awtorisasyon, konsesyon o kontrata hanggang sa pagwawakas ng mga ito.

Kapag tatlong taon na ang lumipas pagkatapos ng araw na kung saan ang Batas na ito ay umiral, ang kita ng mga negosyo ng estado, na kung saan ay nagmula mula sa undertaking sa ilalim ng awtorisasyon, konsesyon o kontrata ayon sa ikalawang talata na ang mga negosyo ng estado na pinamamahalaan sa ilalim ng batas sa mga pribadong pakikilahok sa undertaking ng estado kung ang undertaking ay sa kabuuan o sa bahagi, ay babawasan sa mga sumusunod na mga gastos at ipapadala sa NBTC kung saan ililipat ang nasabing pera sa pananalapi ng estado.

(1) Ang mga business license fees na kinakalkula mula sa base ng kita na kung saan ay nabuo mula sa awtorisasyon, konsesyon o kontrata;

(2) Mga gastos para sa pagsuporta sa mga probisyon ng universal basic telecommunications at serbisyong panlipunan na alinsunod sa mga patakaran ng gobyerno at Seksyon 50 na kinakalkula mula sa base ng kita na kung saan ay nabuo mula sa awtorisasyon, konsesyon o kontrata;

(3) Mga gastos na natamo mula sa mga operasyon na nauugnay sa awtorisasyon, konsesyon o kontrata na inihatol ng Ministry of Finance.

Ang NBTC ay titiyakin ang eksaktong tagal para sa mga frequency assignee, o sa mga gumagamit upang ibalik ang mga frequency para sa muling pagtatalaga o pagpapabuti na tinukoy sa Spectrum Management Master Plan na nakasailalim sa Seksyon 48. Para sa layuning ito, ang probisyon ng Seksyon 83 ikatlong talata ay dapat gamitin ang *mutatis mutandis*.

Seksyon 85. Sa simula, ang probisyon ng Seksyon 49 na nauukol sa isang alokasyon ng hindi kukulangin sa dalawampung porsiyento ng frequency sa sibil na sektor para sa layunin ng television broadcasting service ay hindi dapat umaplay hanggang ang digital transmission system ay inihatol ng NBTC.

Ang NBTC dapat makumpleto ang isang pagbabalangkas ng Spectrum Management Master Plan sa ilalim ng Seksyon 48 sa loob ng isang taon na rin mula sa petsa kung kailan ang NBTC ay itinatag. Ang nasabing plano ang magtutukoy ng oras para sa kung saan ang transmission system ay dapat na baguhin sa isang digital system, at oras para sa pagtatalaga ng mga television broadcasting frequency sa mga sibil na sektor.

Matapos magkaroon ng bisa ang Spectrum Management Master Plan, maliban sa digital transmission system, ang NBTC ay maglalaan ng mga pansamantalang frequency sa sibil na sektor para sa pagsasagawa ng television service sa ilang mga lugar kung saan ang mga frequency ay may sapat na magagamit.

Seksyon 86. Ang mga licensee ng negosyong pangtelekomunikasyon ay naitakda sa pamamagitan ng National Telecommunications Commission upang magbigay ng pangkalahatang pangunahing telekomunikasyon at serbisyong panlipunan alinsunod sa mga Telecommunications Negosyo Act 2001 bago ang ng pagkatala sa tibay ng Batas na ito ay hindi saklawa mula sa mga kontribusyon sa Pondo sa ilalim ng Seksyon 50 hanggang sa pagwawakas bilang pagaatas sa abiso ng National

Telecommunications Commission sa kriterion, mga pamamaraan at mga kondisyon para sa Probisyon ng Pangkalahatang Saligan sa Telekomunikasyon at mga Serbisyong Sosyal.

Seksyon 87. Lahat ng lisensya na ibinigay sa pamamagitan ng Radiocommunications Act 1955, ang Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at sa Pagregula ng Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon at ang Telecommunications Business Act 2011 bago ang petsa ng pagkatala sa tibay ng Batas na ito ay patuloy na magiging epektibo hanggang pag-expire ng panahon at dapat ituring bilang mga lisensya na ibinigay sa ilalim ng Batas na ito. Ang NBTC ay dapat mangasiwa sa mga licensee alinsunod sa Batas na ito, iba pang kaugnay na mga batas at ang mga pamantayan na itinakda ng NBTC.

Anumang lisensiya sa ilalim ng unang talata upang humawak o gumamit ng frequency kung saan ang expiry date ay hindi tinukoy ay maaaring patuloy na may-bisa hanggang sa petsa ng pagwawakas na tinukoy sa pamamagitan ng NBTC. Para sa layuning ito, ang pagkakaloob ng Seksyon 83 ikatlaong talaga, dapat gamitin ang *mutatis mutandis*.

Seksyon 88. Sa loob ng isang daan at dalawampung araw mula sa petsa ng pagtala sa pagkabisa ng Batas na ito, ang NBTC ay dapat magpalabas ng isang spectrum license at business license sa ilalim ng batas sa negosyong pagsasahimpapawid sa Thai Public Broadcasting Service ayon sa likas na katangian at mga kategorya ng mga operasyon ng negosyo kabilang ang umiiral na saklaw nito ng serbisyo saklaw sa petsa ng pagpapatibay sa Batas na ito.

Ang paggamit ng mga frequency para sa pagsasagwa ng negosyo maliban sa permit sa ilalim ng unang talata ay dapat na alinsunod sa mga Frequency Management Master Plan at ipagkakaloob ng permit mula sa NBTC. Sa bagay na ito, ang NBTC ay maaaring maglahad ng anumang mga kondisyon na kailangan para sa pampublikong interes.

Ang pagsasagawa ng Thai Public Broadcasting Service ay mapapasa-ilalim ng mga probisyon ng Batas na ito isa lawak na hindi salungat sa o hindi naaayon sa mga batas sa serbisyong pampublikong pagsasahimpapawid ng Thai.

Sa panahon ng kawalan ng lisensya ayon sa unang talata, ang Thai Public Broadcasting Service ay dapat na magpatuloy sa kanyang tungkuling pagsasahimpapawid.

Seksyon 89. Ang lahat ng ugnayan, ari-arian, mga karapatan, tungkulin, pananagutan, mga opisyal at mga empleyado, at badyet ng Tanggapan ng Pambansang Komisyon sa Telekomunikasyon ay dapat ilipat sa Tanggapan ng NBTC sa ilalim ng Batas na ito.

Ang mga pinuno at kawani inilipat sa ilalim ng unang talata ay tatanggap ng suweldo, mga emolumento, o sahod, kabilang ang mga karapatan at mga benepisyo sa parehong mga rate sa kanilang mga umiiral na karapatan hanggang pangangalap at pagkatalaga sa Tanggapan ng NBTC ilalim ng pagkakagawa ng Batas na ito. Ang pagkatalaga sa pagtanggap ng suweldo o sahod na mas mababa kaysa sa orihinal na rate ay ipinagbabawal.

Sa kaso ng mga opisyal o empleyado sa ilalim regulasyon o kontrata sa ilalim kung saan iskedyul ng pagkaempleyo ay hindi tinukoy, ang pagkaempleyo ay hindi ituturing para magkaroon ng mga karapatan o mga benepisyo sa ilalim ng pangalawang talata..

Seksyon 90. Sa unang yugto, ang pagkatalagat ng Kalihim-Heneral ng NBTC ay dapat na makumpleto sa loob ng siyamnapung araw mula sa petsa ng ng pagkatalaga ng NBTC sa ilalim ng Batas na ito.

Sa panahon ng kawalan ng Kalihim-Heneral ng NBTC sa ilalim ng Batas na ito, ang Kalihim-Heneral ng Pambansang Komisyon sa Telekomunikasyon sa ilalim ng Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio-frequency Spectrum at sa Pagregula sa Pagsasahimpapawid, Pagsasahimpapawid sa Telebisyon, at Serbisyong Telekomunikasyon 2000, na humahawak ng opisina bago ang petsa ng pagtala sa bisa ng Batas na ito, ay dapat magsagawa ang mga tungkulin bilang Kalihim-Heneral ng NBTC.

Seksyon 91. Lahat ng pera at ari-arian ng Radio at Television Broadcasting Development para sa *Public Benefit Fund* at ang *Telecommunications Development for Public Benefit Fund* sa ilalim ng Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at sa Pagregula ng Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon 2000 na natitira sa petsa ng pagtala sa bisa ng Batas na ito ay dapat ilipat sa Pondo sa ilalim ng Batas na ito.

Seksyon 92. Lahat ng ugnayann, ari-arian, mga karapatan at mga tungkulin ng Kagawaran ng Pampublikong Relasyon, Tanggapan ng Permanenteng Kalihim ng Tanggapan ng Punong Ministro tungkol sa mga Dibisyo ng Pambansang Komisyon sa Pagsasahimpapawid, ng Kagawaran ng Pampublikong Relasyon, Tanggapan ng Permanenteng Kalihim ng Tanggapan ng Punong Ministro na

natitira sa petsa ng pagtala sa bisa ng Batas na ito ay dapat ilipat sa Tanggapan ng NBTC, maliban para sa badyet item na may kaugnayan sa sweldo at sahod ng mga umiiral na mga tauhan na kung saan ay dapat ilipat sa ang Kagawaran ng Pampublikong Relasyon, Tanggapan ng Permanenteng Kalihim, at Tanggapan ng Punong Ministro

Section 93. Ang mga opisyal ng pamahalaan at empleyado ng Dibisyo ng Pambansang Komisyon sa Pagsasahimpapawid, ng Kagawaran ng Pampublikong Relasyon, Tanggapan ng Permanenteng Kalihim ng Tanggapan ng Punong Ministro na may hawak ng opisina bago ang petsa ng pagtala sa pagkabisa ng Batas na ito na nagnanais lumipat ng trabaho bilang isang opisyal o empleyado ng Tanggapan ng NBTC at aabisuhan ang kanilang Puno sa pamamagitan ng sulat sa loob ng siyamnapung araw mula sa petsa ng pagtala ng pagkabisa ng Batas na ito, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumalap at magtalaga na opisyal ng pamahalaan o empleyado bilang opisyal o empleyado nito alinsunod sa mga pamantayan na itinakda ng NBTC. Sa bagay na ito, ang laki ng suweldo at sahod ay hindi dapat mas mababa kaysa sa dating antas na natanggap. Yaong hindi magsumite ng kahilingan para sa paglipat sa loob ng nasabing tinukoy na oras ay babalik sa trabaho sa Kagawaran ng Pampublikong Relasyon, Tanggapan ng Permanenteng Kalihim ng Tanggapan ng Punong Ministro.

Sa panahon ng kawalan ng NBTC ilalim ng Batas na ito, ang mga kapangyarihan ng NBTC sa ilalim ng unang talata ay ang magiging kapangyarihan ng Pambansang Komisyon Sa Telekomunikasyon na itinalaga sa pamamagitan ng Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at sa Pagregula ng Serbisyon Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon 2000.

Section 94. Ang pangangalap at pagtatalaga ng mga opisyal ng pamahalaan sa ilalim ng Seksyon 93 ay dapat ituring bilang pagkalaya sa serbisyo sa kadahilanang opisyal na pagwawakas o pagkabuwag ng mga posisyon sa ilalim ng batas sa pamahalaan pensiyon o ang batas sa pondong pensyon ng pamahalaan.

Ang pangangalap at pagtalaga ng mga empleyado sa ilalim ng Seksyon 93 ay dapat ituring bilang pagkalaya sa serbisyo sa kadahilanang opisyal na pagkabuwag ng mga posisyon o karaniwang pagtatapos ng pagkaempleyo, hindi dahil anumang pagkakamali, at sa gayon ang mga tao ay may karapatan sa pagtanggap ng isang pagkahiwalay bayad na naaayon sa mga patakaran ng Kagawaran ng Pananalapi.

Section 95. Ang lahat ng patakaran, regulasyon, mga abiso o mga order na inisyu sa pamamagitan ng Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at sa Pagregula ng Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon 2000 na natitira sa tibay sa petsa ng pagtala sa pagtibay ng Batas na ito ay patuloy na magiging mabisa hanggang sa ito'y hindi salungat o hindi umaayon sa mga probisyon ng Batas na ito hanggang patakaran, regulasyon, mga abiso o mga order na inisyu sa pamamagitan ng pagtibay ng Batas na ito.

Kontrasenyas ni:

Abhisit Vejjajiva

Punong Ministro

Tandaan: Ang mga kadahilanan para ipalaganap ang Batas na ito ay sa nakasaad sa Seksyon 47 ng Saligang Batas ng Kaharian ng Taylandiya na nagtatakda na yaon ay magkakaroon ng isang malayang regulatory agency na may tungkuling magtalaga ng mga frequency at pangasiwaan ang mga serbisyong sound broadcasting, television broadcasting at telecommunications ayon sa itinakda ng batas, at Section 305 (1) na nagtatakda na ang mga ganitong kautusan ay, yaon man lang, ay gumawa ng probisyon para sa ang pagtatatag ng mga partikular na komisyon bilang lupong panloob sa loob malayang ahensiya mula sa isa't isa upang mamuno at mangasiwa ng negosyong pagsasahimpapawid sa radyo at telebisyon at pangasiwaan ang negosyong pangtelekomunikasyon at maglaman ng mga detalye tungkol sa mga pangangasiwa at pangangalaga ng mga operasyon ng mga negosyo, ang probisyon ng mga pondo para sa pagpapaunlad ng resources sa komunikasyon at pag-promote ng pampublikong pakikilahok sa ang operasyon ng public mass media. Bukod dito, ang Organisasyon sa Pagtatalaga sa Radio Frequency at sa Pagregula ng Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon 2000 ay isinatutupad na sa mahabang panahon ngunit ito ay hindi mabisa sa paraan na ito ay hindi dapat, papaganoon, ay nagresulta ng mga hadlang para sa pagpapatupad. Gayundin ang mga probisyon ay hindi naaayon sa Konstitusyon ng Kaharian ng Taylandiya. Samakatuwid, ito ay napapanahon upang magtatag ng isang malayang regulatory agency pagkakaroon ng tungkulin upang magtalaga ang mga frequency at mangasiwa sa mga serbisyong sound broadcasting, television broadcasting at telecommunications, kabilang pagtukoy ng nasasakupang mandato ng ahensiya at ng pangangasiwa ng nasabing mga negosyo, pati na rin sa rebisahin ang Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at sa Pagregula ng mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyong upang maging sa pagsunod sa mga probisyon ng Konstitusyon ng Kaharian ng Taylandiya. Ang Batas na ito ay samakatuwid isinasabatas.

This translated version is prepared with the sole purpose of facilitating the comprehension of foreign participants in the telecommunication rules and regulations and shall not in any event or by any reason be construed or interpreted as having effect in substitution for supplementary to the Thai version thereof. If its translation to other languages is in contrary to Thai version, the latter shall prevail.

Please note that the translation has not been subjected to an official review by the Office of the National Broadcasting and Telecommunications Commission. The Office of NBTC, accordingly, shall not undertake any responsibility for its accuracy, nor be held liable for any loss or damages arising from or in connection with its use.